# KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-22
# (KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 114)

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 3,834,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 35,300 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, maraming variant ang lumitaw sa panahon ng pandemya at patuloy na lumilitaw, bawat isa ay may iba't ibang paghawa at antas ng kalubhaan; at,

**SAPAGKAT**, ang paghula sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap sa pandemyang ito ay patuloy na isang mahirap na trabaho, at ang mga napatunayang mitigasyon sa pandemya tulad ng pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay patuloy na gumagana upang mapabagal at matigil ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naglabas ng binagong patnubay noong Pebrero 25, 2022 upang alisin ang rekomendasyon nito para sa unibersal na pagsusuot ng mask sa loob, kasama ang mga setting ng K-12; at,

**SAPAGKAT**, ang patnubay na iyon ay nagbigay ng balangkas para sa pagtatantiya ng mga antas ng COVID-19 sa komunidad batay sa mga pagkakaospital dahil sa COVID-19, pagkakaroon ng kama para sa inpatient, at bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang kasalukuyang patnubay ng CDC ay nagrerekomenda ng unibersal na pagsusuot ng mask sa mga komunidad lamang na may mataas na antas ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na nagpapayo ang CDC na ang ilang mga setting ng komunidad, tulad ng mga paaralan at mga komunal na setting na may mataas na panganib ay maaaring mangailangan ng karagdagang mga layer ng pag-iingat batay sa mga katangian ng setting at kung sakaling magkaroon ng outbreak; at,

**SAPAGKAT**, kahit na walang utos ng Estado, maaaring piliin ng mga K-12 na paaralan, mga pasilidad ng pangangalaga ng bata, at iba pang mga setting na hilingin sa mga indibidwal na magsuot ng mga face mask batay sa antas ng COVID-19 sa komunidad at iba pang mga katangian ng setting; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit may bahagi ng populasyon ang nananatiling hindi nabakunahan at ang ilang mga residente, kabilang ang mga batang wala pang anim na buwang gulang, ay hindi pa makakatanggap ng bakuna; at,

**SAPAGKAT**, ang ilang mga employer ay pumasok sa mga collective bargaining agreement na patuloy na nag-aatas sa mga indibidwal na magsuot ng face mask sa ilang partikular na setting; bilang karagdagan sa iba pang mga hakbang sa mitigasyon; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng CDC na ikonsidera ng mga indibidwal na immunocompromised o nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit ang pagsusuot ng angkop na mask sa loob ng mga pampublikong lugar kapag mataas ang antas ng COVID-19 sa komunidad; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mask ang mga tao na may mga sintomas, positibong test, o pagkaka-expose sa isang tao na may COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maaaring piliin ng mga indibidwal na magsuot ng mask anumang oras upang maprotektahan ang kanilang sarili o ang mga nakapaligid sa kanila mula sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang patnubay ng CDC ay patuloy na nagrerekomenda na ang mga indibidwal na hindi up-to-date sa mga pagbabakuna sa COVID-19 o nasa loob ng 90 araw ng impeksyon sa COVID-19 ay magsuot ng mask sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagkaka-expose sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na inirerekomenda ng patnubay ng CDC na ang mga indibidwal na nagpositibo sa COVID-19 ay manatili sa bahay at mag-isolate nang hindi bababa sa 5 araw pagkatapos magpositibo at magsuot ng mask hanggang sa ika-10 araw; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagrerekomenda na ang mga mag-aaral, guro, at kawani ay dapat manatili sa bahay kapag mayroon silang mga palatandaan ng anumang nakakahawang sakit, kabilang ang COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang mga paaralan ay dapat na patuloy na makipagtulungan sa kanilang mga lokal na departamento ng kalusugan upang matukoy, alinsunod sa patnubay ng CDC, kung aling mga mag-aaral, guro, at kawani na nagpositibo sa COVID-19 ang dapat manatili sa bahay para sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad ng paaralan; at,

**SAPAGKAT**, binago ng CDC ang Operational Guidance for K-12 Schools and Early Care and Education Programs to Support Safe In-Person Learning nito noong Agosto 11, 2022 para ilapat ang na-update na mga rekomendasyon sa isolasyon at pag-kwarantina sa mga setting ng paaralan at day care; at,

**SAPAGKAT**, hindi na inirerekomenda ng binagong patnubay ang regular na pagpapasuri sa mga paaralang K-12, maliban sa ilang mga pagkakataon; at,

**SAPAGKAT**, ayon din sa binagong patnubay, hindi na kailangan ang mga programang Test to Stay dahil hindi na inirerekomenda ang kwarantina para sa mga taong nalantad sa COVID-19 maliban sa ilang partikular na komunal na setting na lubhang mapanganib; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pederal na Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS) ay patuloy na hinihiling sa mga kawani na nasa pederal na sertipikado na mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na maging ganap na mabakunahan laban sa COVID-19, at mariing inirerekomenda sa mga kawani na nasa pederal na sertipikado na Mga Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga at Skilled Nursing na maging up-to-date sa mga pagbabakuna sa COVID-19; at

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 35,100 na mga taga-Illinois at negatibong pinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang mga epekto ng pandemyang COVID-19 ay nagresulta sa kakulangan sa buong bansa ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nakakaapekto sa paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Illinois kabilang ang pagkakaroon ng mga tauhan, kama, at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang mga pasilidad na pinapatakbo ng Estado;

**SAPAGKAT**, maraming ehekutibong ahensya sa Estado ang patuloy na nagtutuon ng kanilang limitadong rekurso sa nagpapatuloy na tugon sa pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 10, 2022, bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, bilang tugon sa emerhensiyang epidemya at emerhensiya ng pampublikong kalusugan na inilarawan sa itaas, nakita ko na kinakailangang muling ilabas ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, 2020-20, 2020-23, 2021-12, 2021-18, 2021-22, at 2021-31, at sa pamamagitan nito ay isinasama ang mga SAPAGKAT na mga sugnay ng mga Kautusang Tagapagpaganap na iyon;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan ng mga batas sa pampublikong kalusugan, iniuutos ko ang mga sumusunod, simula Nobyembre 10, 2022:

**Bahagi 1: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap.**

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, 2020-20, 2020-23, 2021-12, 2021-18, 2021-22, at 2021-31 ay muling inilabas bilang mga sumusunod:

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 (Telehealth):**

Ang mga Seksyon 9 at 10 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, na inamyendahan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-15, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 (Mga kinakailangan sa tulong publiko):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 (Ang mga aksyon ng Kagawaran ng Pinansiyal at Regulasyon sa Propesyon ng Illinois para sa mga lisensyadong propesyonal na nakikibahagi sa pagtugon sa kalamidad):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2021-12 (Ikalimang Yugto ng muling pagbubukas):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-12, na inamyendahan ng Kautusang Tagapagpaganap 2022-12 at Kautusang Tagapagpaganap 2022-21, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2021-18 (Mga hakbang sa mitigasyon):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-18, na inamyendahan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-19 at Kautusang Tagapagpaganap 2022-10, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 (Mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagsusuri):**

Ang mga Seksyon 5, 7, 8, at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-22, na inamyendahan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-23 at Kautusang Tagapagpaganap 2021-27, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2021-31 (Pagsususpinde sa mga kahingian para sa mga propesyonal na counselor, mga klinikal na propesyonal na counselor, mga social worker at mga klinikal na social worker, at mga klinikal na psychologist):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-31 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Disyembre 9, 2022**.

**Bahagi 2: Pangligtas na Sugnay.** Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

______________________
**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Nobyembre 10, 2022
Inihain sa Kalihim ng Estado Nobyembre 10, 2022